# Kataga ng Buhay

**Abril 2020**

**“Mapapalad ang mga naniniwala**
**kahit hindi nila Ako nakita”**
(Jn 20:29) .

Inilarawan ni Juan sa kanyang Ebanghelyo ang mga pagkakataong nagpakita si Hesus na nabuhay muli sa Kanyang mga apostoles, kay Maria Magdalena at sa iba pang mga alagad. Bagama’t ipinakita ni Hesus ang mga tanda ng pagkapako, ang mga pagpapakitang ito ay labis na pumuno ng kaligayahan sa puso ng mga nakakita sa Kanya at nagpanumbalik ng kanilang pag-asa. Ngunit sa unang pagpapakita ni Hesus ay wala si Tomas. Ang ibang nakakita sa Panginoon ay nagkwento tungkol sa kamangha-manghang pangyayaring ito, marahil upang ihatid sa kanya ang naramdaman nilang kaligayahan. Subalit hindi matanggap ni Tomas ang patotoong ito; nais niya mismo na makita at mahawakan si Hesus.

At ito nga ang nangyari makalipas ang ilang araw: si Hesus ay muling nagpakita sa isang grupo ng mga alagad at naroon din si Tomas. Ipinahayag ni Tomas ang kanyang paniniwala, ang kanyang ganap na pakikiisa sa Nabuhay na Mang-uli sa pagsasabi ng, “Panginoon ko at Diyos ko!” Ang tugon ni Hesus sa kanya:

**“Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila Ako nakita.”**

Ang Ebanghelyong ito ay isinulat pagkatapos na ang mga nakasaksi sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus ay sumakabilang-buhay na. Ang paghahatid ng mensahe ng Ebanghelyo sa mga sumunod na saling-lahi ay nakabatay sa patotoo ng mga taong tumanggap din ng mga pahayag na ito. Ito ang simula ng Simbahan, ang sambayanan ng Diyos na patuloy na nagpapahayag ng mensahe ni Hesus sa pamamagitan nang tapat na paghahatid at pagsasabuhay ng Kanyang mga salita.

Tayo rin, nakatagpo rin natin si Hesus, ang Ebanghelyo at ang Kristiyanong pananampalata sa pamamagitan ng mga pahayag at patotoo ng iba at tayo ay naniwala. Dahil dito, tayo ay “mapalad.”

**“Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila Ako nakita.”**

Upang isabuhay ang Katagang ito, makakatulong na alalahanin ang isinulat ng nagtatag ng Focolare, si Chiara Lubich: *“Nais Niyang pagtibayin sa atin – at sa lahat nang hindi namuhay sa kapanahunan ni Hesus – ang paniniwala na lahat tayo ay nakikibahagi sa parehong katayuan ng mga alagad. Nais sabihin sa atin ni Hesus na hindi isang kawalan para sa atin kung ihahambing sa kanila na mismong nakakita kay Hesus. Ang katotohanan ay tayo ay sumasampalataya at ito ang bagong paraan upang “makita” si Hesus. Buo ang paniniwala, maaari natin Siyang lapitan, unawain at makatagpo sa kaibuturan ng ating puso. Buo ang paniniwala, maaari natin Siyang matuklasan kung saan may dalawa o higit pang nagkakatipon sa Kanyang ngalan, o sa Simbahan na siyang pagpapatuloy Niya (…). Ang mga katagang ito ni Hesus ay paanyaya na buhaying muli ang ating pananampalataya, huwag maghintay ng tulong o mga palatandaan ng pag-unlad sa ating buhay-ispirituwal at huwag magduda sa presensya ni Kristo sa ating buhay at kasaysayan kahit na para bang Siya ay malayo* sa atin. (…). *Nais Niya tayong maniwala sa Kanyang pagmamahal, kahit na sa kabila ng hirap na ating dinaranas o kaya ay sa mga hindi maipaliwanag na pangyayari sa ating buhay*.” [1]

Si Anne ay isang kabataang taga Australia na ipinanganak na may grabeng kapansanan. Kwento niya: “Noong ako’y nagdadalaga, nag-iisip ako kung bakit ako’y nananatiling buhay pa sa kabila ng aking mabigat na kapansanan. Ang aking mga magulang na nagsasabuhay ng Kataga ng Buhay ay iisa lang ang tugon, ‘Anne, mahal na mahal ka ng Diyos at mayroon Siyang natatanging plano para sa iyo.’ Tinulungan nila akong lampasan ang aking sarili at kapansanan. Hinimok nila akong maunang magmahal tulad nang ginawa ng Diyos sa atin. Nakita ko na maraming bagay ang nagbago sa aking paligid: ang mga tao ay naging bukas sa pakikitungo sa akin at sa iba pa. Binigyan ako ng aking ama ng sulat na sinabing buksan ko ito pagkatapos lamang niyang mamatay. Isang pangungusap lamang ang nakasulat, ‘Ang aking gabi ay walang kadiliman.’ Ito ang aking araw-araw ng karanasan: sa tuwing pipiliin kong magmahal at maglingkod sa mga taong nasa aking paligid, nawawala ang kadiliman at nararanasan ko ang pagmamahal na inilalaan ng Diyos para sa akin.’

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage
as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

[1] Chiara Lubich Word of Life April 1980